SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2019-127

**"HUMIHILING SA BUTIHING KALIHIM NG KAGAWARAN NG KALUSUGAN, FRANCISCO T. DUQUE III, M.D., NA NAWA'Y MABIGYAN NG ISANG YUNIT NG AMBULANSYA NA MAY KUMPLETONG KAGAMITAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Jonalyn S. Ortega-Santos**

---

**SAPAGKAT**, sa naghain ng kahilingan sa bisa ng kalakip nitong kahilingan na mabigyan pansin at agarang pagpapatibay ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na humihiling ng isang yunit ng ambulansya na may kumpletong kagamitan sa butihing Kalihim ng Kagawaran ng Kalusugan, Francisco T. Duque III, MD;

**SAPAGKA'T**, sa mga hindi inaasahang pagkakataon ay maraming pasyente ang kailangang iresponde at mga pasyente na kailangang ihatid sa ospital;

**SAPAGKA'T**, pinapahalagahan ng Pamahalaang bayan ng Bustos, Bulacan ang bawat isang mamamayan lalo't higit ang mga nasa mababang antas ng buhay;

**SAPAGKA'T**, sa ginawang pagpupulong ay napatunayang ang kahilingang ito ay sa Kalihim ng Kagawaran ng Kalusugan ay labis na makakatulong upang agarang makaresponde sa mga aksidente at mabilisang makapaghatid ng mga pasyente sa ospital.

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **IGG. JONALYN S. ORTEGA-SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng mga dumalo sa pulong na ito;

**IPINASIYA**, gaya nang dito ay **IPINAPASIYA**, na humiling sa butihing Kalihim ng Kagawaran ng Kalusugan, Francisco T. Duque III, M.D., na nawa'y mabigyan ng isang yunit ng ambulansya na

may kumpletong kagamitan ang Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-15 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Labing Siyam sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |
| **Martin SJ. Angeles**<br>ABC President | **Angelica L. De Leon**<br>SK President |

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-15 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Labing Siyam.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim